Minsan pa ngayon, sa kapanahunan ngayon, maririnig mo pa yung sabi ng mga tao na Bin, Bin (Laden). Datirati kasi nung di pa magulo ang mga Abu Sayaff, nagtrabaho din ako dun sa may PhilAm- sa may malapit. Nagtrabaho ako dyan. Nung nagtrabaho ako doon, tanggap na tanggap yung Muslim kasi wala pang bad record yung Muslim. So ngayon, nung bumalik din ako dito kasi umuwi din ako nung 1999, namatay yng lolo ko, pagbalik ko dito – aaply muli, magulo na kasi, pag narining yung pangalan mo – pangalan ng Muslim. Kasi actually, ang pangalan ko sa iskul ay di naman actually Muslim. Jimson ang pangalan ko, tapos apilyido ko kasi Abdulmajid e. So pag nakita nila – Muslim. Oo, Muslim. Sasabihin nila na balik ka na lang, tatawagan ka na lang. Yun ang problema – kahit san ka magpunta. Di tulad nung una, kahit san kami magpunta, nung nag-aaral pa kami, pumunta ka sa SM, tatanggapin ka. Ngayon, kung pumunta ka doon, lumuhod ka, magluha ka pa ng dugo, kahit ipakita mo record mo dito sa Maynila. Nung nakita nila record ko nung una, sabi nila, “tanggap ka” kaagad. Pero ngayon, bumalik ako doon, ayaw na nila. Parang inaapi ka pa doon sa loob ng opisina mo. Muslim, ano na bang nangyari sa kapatid mo? Minsan, tinatawag pa nila na Bin Laden. Iinit ang ulo mo eh. Minsan din pag naglalakad ka dyan, sasabihin nila na “Abu Sayaff” yan. Eh ano bang pakialam mo sa Abu Sayaff?!

Pwede magtanong lang? Kung nagbebenta kayo, naa-identify talaga na Muslim kayo?

Palatandaan lang. Di naman kasi pwede na ganito. Kumbaga magsuot ka na lang ng normal na suot pag nagbebenta ka pero di mo naman tinatanggi na Muslim ka. Kasi minsan din may loko-loko din kun gminsan., yung nagsasalita ng ibang salita. “Hoy Muslim, anon bang ibinebenta mo ba?” (mimic with accent). Maiinis ka eh, oo.

Kasi, para bang kwan. Nakasanay na nial na naki,ita ni la sa langsganang itong mga Muslim na nagtitinda. Kahit na may nakiita silang nagtitinda, ang presumption nila, mga Muslim yan. Kaya minsa kung ano rin ang sinasabi nilang panlalait sa mga Muslim. Minsan gumagawa pa sila ng “Anong pangalan mo?” (mimic again) Kahit sa opisina ka – ganun! Nung nag-aaral din ako, ganun eh. “O Muslim, anong gusto mong mangyari Muslim?” (mimic again) Pst, loko to eh – bakit, ganyan ba ang pagkarining mo sa aming salita loko ka. Miunsan naiinins an rin – kahit kayo. Marami ngang Kristyano, pumunta sa Marawi, naghanapbuhay – pagbalik dito sa Maynila, wwalang masabi. Ang Muslim ay di masama. Ang inaano din kasi ng Muslim ay kung paano iconvert bilang Muslim din. Tulad ng nag-aral dun sa Mindanao State University, tulad ng Kristyano, kaibigang nila Muslim – karamihan din nagiging Muslim. Kasi pinapakita ng Muslim kung gaano kabait ang Muslim, ganito – kinukuwento din ang mga kasamaan na ganyan. Ang sabihin nga naman nila – kahit saan gubat may ahas diba? May mga loko-loko din sa amin – ganun din sa inyo.

Eh madalas, nagaganun ka diba? Napipikon ka ba?

Kung minsa lang pero pagkakilala mo yung tao na parang ano – ganun din (sira-ulo), pinapabayaang na lang din. Sabi ko, umuwi ka na lang eh – lasing ka na eh. Parang nasanay na rin kami pero nung una parang. Pero minsan din, lalo na kung marami kami, tulad nung nangyari sa amin sa may San Fernando, La Union nung 1998. Kung minsa yan din ang sinasabi ng ating mga kapatid na Kristyano. So ang naisip namin, ang siinsasabi ko sa mga kasamahan namin – kasi

minsang sinasabi na poatulan kaya natin ito, sumosobra na – sabi ko , kung minsang, wag naman sana ganun kasi, di kami pumunta rito upang makipag-away. Pumunta tayo rito sa Maynila para maghanap-buhay. Ayun, iniwasan namin. Kung di talaga maiwasan, bajala na ang diyos doon. Minsang, di na talaga maiwasan.

So may mga pagkakataon na nagiging bayolente ka?

Oo, kung minsang din ganun eh. Pero salita lang, oo. Tulad nung mga dalawang araw na ata. Pumunta kami ng Quiapo. Kasi, nakaganito kami lahat. Lima kami. May nakasakay kaming matanda, lasing. Nag-uusap kami doon sa sasakyan. Ang pinag-uusapan namin, tungkol sa relihiyon namin. Yung matandang yon, biglang sumingit sa amin. Sabi nya ano ba naman yang mga muklo kayo? Diba Maranao kayo eh muklo kaya? Eh bigang sum,akit ang tenga namin. Sabi ng isa sa amin, matanda ka na kasi, wag ka na sanang magsalita ng ganyan. Pinagsabihan lang namin sya at sinabi ko sa kanya – alam mo, tatang – itong Pilipinas ay it is freedom of constitution diba? Kaya kung ano ang ginagawa namin, wag mong pakialaman – pabayaang mo na alng. Naiinitndahan mo naman kami kung ang kagandahan namana ng relihiyon ang pinag-uusapan namin. Ipaparining din namin sa inyo na sakaling mapag-isipan nyo rin, so bigla ka na lang sumingit na binabastos mo kami, ako kung di lang ganito ang mga suot namin, malilintikan ka sa amin. Sana, sa uulitin, wag mo na yang gawin sa mga Muslim. Kapag may problema, tapos yun pa ang ina-ano mo...

-----END OF SIDE A-----

... kasi actually, I have been with the recruitment industry for 12 years cause I have been...

You still are?

Yes. So alam natin na dito sa mga Muslim dito, almost 50% nag-aapply for abroad, lalo na yung mga ibang tribo, tulad ng mga Maguindanao at Tausug pero karamihan mga Maguindanao lalo na yung mga kababaihan – they apply for abroad. Yung iba dyan, they apply as domestic helper. Iba ang categories nila. So ngayon, ang problema na nahaharap nitong mga ito, unang-una, kasi actually nung mga 1991, 1992, hanggang 1995 ata, napakadali lang ng kumuha ng passport. Dahil for Muslims, ang requirement lang, ay you have to get ang tinatawag na permit of birth diba – yun lang ang kailangan doon. Certificate of birth lang - di tulad ngayon. So kukuha ka pa ng mga Office of Muslim Affairs certificate certifying that you are Muslim. So napakadali lang – siguro, magpasspoort ka, magstart ka ng magbarko, one week lang.

So ngayon, talagang nahihirapan ang mga Muslim. Karamihan dyan, talagang nakabaon na sa utang. Dahil passport lang, di nila makuha kaagad eh dahil unang-una, dahil yung passporting law ng DFA, ay kailangan ng birth certificate duly certified by the NSO galing sa NCR. Napakatagal. Minsang aabot pa ng dalawang buwan. Minsang, kung minamalas ka, di na dumating dito yung galing sa NCR na certificate na galing sa Local Civil Registrar. So maghihintay ka ng – biruin mo pag dito sa Maynila pag nakatambay ka dito wala kang source of income, mahihirapan ka talaga. So habang naghihintay, pupunta ka naman sa Census, eh ang haba-haba naman ng pila – siguro kung madaanan mo yan, ilang kilometro yan kung talagang titignan mo. Kung talagang medyo ano yung interes mo sa pagkuha, tatamarin ka na. So ang

tagal pa bago makuha. So ngayon, pag nakakuha ka naman ng certificate, yung sinasabi nilang SecPA (?) na galing sa Census, na tinatawag na security papers na yung security papers na yon, ay yun ang papel na ginagamit ng NSO na yung tinatawag nilang ibig sabihin na yung tamper-proof. Ibig sabihin di pwedeng matamper – merong parang watermark sa ilalim. Yung merong luminous sign na pag nilagay sa detector, malalaman mo doon kung ito ay peke, kasi alam natin na marami din na kung sabihin natin ay “in every forest, there is a snake” – we cannot avoid evils diba? Kahit sino talaga. So yun ang ginagawa ng iba. So ngayon, di nila pwedeng mafake.

So ibig sabihin, pare-pareho na ngayon ang requirements ng Muslims at non-Muslims. Ang problema nga lang, ang mga Muslim, ay nirerequire pa sila ng Office of the Muslim Affairs na certificate. So ang problema nga dito, siguro nung two weeks ago, nakausap namn yung isang Office of the Muslim officer tungkol sa DFA at sinabi ko sa kanya na dapat ay baguhin yung passporting law para sa mga Muslims kasi nahihirapan sila kumuha ng passport nila dahil unang-una, noong di pa naimplement yung SecPa, yung security papers nga, ay pwede nilang iimplement yun na kumuha sila ng OMA certificate, mga NBI ganun pero ngayon, pare-pareho na ang requirements nila at yung non-Muslims at saka yung to identify if you are Muslim or not ay dun na makikita na dun sa pagtatak ng Visa. O halimbawa, papunta ka ng Saudi, ito (points to participant) is working with the Saudi Embassy – yung kapatid natin so alam nya yun. Siya, more than ten years din ano sa Saudi Embassy. So alam nila doon ngayon na tinatatakan ngayon na ma-identify wheter you are Muslim or not, dun sa Visa ay sabi kung Muslim. So sabi ko dun sa officer ng DFA na Muslim, ano ba ito kasi minsan nahihirapan sila kasi minsan isang linggo, di pa dumadating yung transmittal o certificate ng OMA – di pa natransmit sa DFA kaya hinihintay pa ngayon. Ang haba ng pila, minsa umabot pa ng... Pumila ka ng alas sais, tapos matatapos ka siguro mga hapon na. Pagkatapos mo doon sa window, sasabihin nila doon, “yung transmittal mo, hindi pa dumating dito.” Pero yung certificate na yan, original yan dahil galing talaga sa Office of the Muslim Affairs because yung Office of the Muslim Affairs is under Office of the President tulad nyo.

So ngayon, yun ang problema nila – balik na naman sila ulit sa OMA para sabihin sa kanila na di dumating yung transmittal ninyo sa DFA. Pabalik-balik yung ganun. “Paano, ano yung kaibahan nun?” sabi ko. Dahil nung wala pa yung SecPa na ito, ay dapat merong OMA. Pero ngayon, pareho na ang Muslim at non-Muslim. Ang kanilang requirement, dapat ganun din - pare-pareho dahil we are all citizens in our country. Hindi naman tayo yung tinatawag na Moro citizens dahil lahat tayo mga Pilipino. Ganun. Sabi naman na kapag nagkaroon sila ng ano, pero mas maganda ito kung halimbawa maisali nyo sa ano ninyo na recommendation na pag-aralan nilang mabuti kung paanong – parang may discrimination doon eh. Kung bakit ganun. Kasi kung pupunta ka ng Saudi, pupunta ka ng Middle East, doon na nila ngayon makikita na either you’re Muslim or not dahil doon sa Visa.

Kahit halibawa, meron isang instance na may isang tao na talagang purely Muslim – ang nanay at tatay niya Muslim. So noong di na sya makakuha ng passport, kasi nga matagal ng di dumating kasi ang Office of Muslim Affaris certificate , ay three months lang ang validity. Kapag halimbawa ay pumunta ka after three months, sasabihin na pumunta ka uli kasi wala na yung transmittal, tinapon na namin. Magbabayad na naman ulit. Tignan mo kung gaano kahirap ang inaano ng mga Muslims. Ang nangyari dun sa Muslim na yon, sabi nya, “Sige, mag-apply na lang ako bilang Chrisitan.” Nung bigla syan naging Chrisitan, nakakuha na sya ng pasport. Total

sabi nya pagdating ko doon, kilala naman nila ako na I am a Muslim. Matatatakan ngayon ng Muslim yung Visa nya kasi kapag ang isang Muslim, whether you are Muslim by birth, kapag ang embassy, di nya tinatakan na Muslim, you are not allowed to enter the two holy cities, the Mina, the city of Madina, and the city of Makkah. Yun ang restricted areas. Only Muslims are allowed to enter the vicinity of the city. Di ka talaga pwede – kahit ako halimbawa, nakatatak dun sa aking visa ay Christian ay di na ako pwedeng pumasok doon. So ibig sabihin, dun lang nagkakatalo kung bakit kailangan yung mga requirements sa DFA. Hindi naman talaga sila yung mag-ano na you are Muslim or not. So ganun ang nangyari dun – sabi nya, “Sige ilagay nyo na lang Christian pero di naman nakalagay sa passport na Christian ka. Dun lang talaga nagkakatalo kasi yung mga passport dun, ibig sabihin, walang nakalagay dun na religion. Dun lang nagakatalo sa pagtatak ng visa. Dun ngayon parang nagkakaroon ng discrimination sa mga Muslims dahi alam natin yung alam natin na almost 50 percent of all Muslims ay nangingibang bansa dahil unang-una, wala ng capital.

Yung iba naman, gaya kaninang umaga, anim na babae ang pumunta sa akin para mag-apply dun sa agency namin. So ang problema – yung mga tao na yun galing Cavite at iba-iba pero dati silang nagtitinda. Sabi ko, bat ngayon ninyo pa naisipan eh taposa na yung visa. Sabi nya, “Eh paano, anong magagawa namin, hinuli ng pulis yung aming mga paninda. Yung iba dyan nagtitinda sa may overpass. Yung mga overpass, nakikita nyo nyan – mga Muslim yan. Hinuhuli nila –ayun, minsan yun, last week, ay may isa, dala-dala pa naman yung anak eh dumating yung mga pulis. Eh ayun, lahat ng kanilang mga paninda, talagang nawala. Kahit isang suklay, walang natira. Kaya umiyak ako nung isang araw na bumisita ako dahil, “Paano nga ito Kuya, anong mangyari sa amin? Mag-apply kaya ako abroad?” Biruin mo yon.

Yun ang dahilan kung bakit ngayon, talagang pahirap na ang economic situation ng Metro Manila, lalo na sa mga Muslim. Halos lahat ng mga nagtinda doon, Muslim. Eh kung hinuli yun anong mangyayari sa pagkain nila araw-araw? Pambili ng gatas? Kaya yung iba nag-iisip na baka may visa dyan na pwede ako. Kaya maraming mga daily order (?) na talagang pinapasukan, kahit janitor o janitress dahil dito sa pangyayari na ‘to. Biruin mo yan, tapos yun yung problema, pagkanais nilang mag-apply, hirap din naman sa mga papeles. Buti na lang ngayon lumuwag-luwag ng konti yung pagkuha ng NBI. Isang araw lang. Pero ang pinakamahirap pa rin ay yung pagkuha ng certificate mula sa NSO. Yun talaga ang pinakamalaking problema sa mga Muslim.

Lilinawin ko lang no – sa Maynila, traders talaga kayo no? Nagbebenta, ganun. Kung hindi OCW, ayun, nagbebenta. Ganun din ho ba sa Lanao? Yun din ba ang source of income?

Marami ding mga kwan doon – farmers. Kasi dun sa Mindanao, dun sa Lanao, unang-una yung mga traders tapos yung mga employees, tapos yung mga farmers. Tapos fishing - yung mga nanghuhuli ng isda dun sa Lake Lanao. Yun ang apat na source of income. Yung mga nasa Lake Lanao, dun din nman ay nagsasaka. Mga hacienda, mga palay.

Yung pagtitinda pa rin ho yung pangunahin doon?

Yung mga hindi nagtitinda doon, pagdating dito marunong na e. Kasi doon sa amin, mahihiya ka kapag maliit lang yung paninda mo. Sa Lanao pag nakita nila ganyan lang kaliit yung paninda mo, pagtatawanan ka nila e. Tatanungin nila na ba’t yan lang ang paninda mo?

Kung minsan, yung di na kayang magtinda doon, pumupunta na lang sa Maynila kasi dito kahit ganun lang kalaki ang iyong paninda, di ka naman nahihiya. Kasi doon pag nagtinda ka ng ganun, pagtatawan ka. Kung gagawin dun sa Lanao yung paglalako na yung ganun na nakasalamon, pagtatawan ka talaga. Pero dtio, normal lang ba. Sasabihin nila, “Naano na ba ang utak mo? Wala ka bang naisip na ibang paraan para kumita ng pera?” Parang ginaganun ka roon. Sasabihin na kung ganyan ka, pumunta ka na lang sa bukid, mag-ano ka doon para makakita ng malaki. Pero dito sa Maynila, kahit gaano kakonti yung paninda mo, hindi ka pinagtatawanan. Kasi minsan, kapag wala kang hanap-buhay doon, kasi syempre magulo doon eh. Kung maisip mo na walang hanap-buhay, maisip mo na lang na ee-MILF na lang ako ‘ka ko. Mahirap yun – mas maganda dito sa Maynila para walang gulo. Kung gusto mo ng gulo, sama ka sa kanila, Kung ayaw mo ng gulo, punta ka dito sa Maynila.

Marami sa inyo, iniwan ho ninyo yung pamilya nyo, o dinala na rin ho ninyo?

Ah dun lang sa barrio namin no, ang natitira lang dun ay yung matatanda. Konti lang ang natitira doon.

So nag-migrate na talaga?

Yung iba naman, umuwi pag eleksyon. Yung iba, di na talaga umuwi. Yung iba naman na nag-migrate dito, kapag may malalaking okasyon, tulad nga nung Edil-Addha, kung saan gustong magtipon-tipon yung mga pamilya, ayun umuwi sila. Tapos pag may namatay, ayun, uuwi din sila. Pagdating ng mga eleksyon, umuwi na rin sila. Yun ang ganun dun. Di naman na iniwan na talaga nila yung mga nandun. Kung minsan yung mga matatanda, nandun pa rin sila. Dindalaw nila ngayon yung kanilang mga parents na naiwan doon. Halimbawa, yung nanay ko at tatay ko ay naiwan sa Mindanao. Kapag medyo sabik na namin makita, uuwi kami dun. Mga isang buwan, ganun. Parang bakasyon lang ba – ganun.

Yung kapatid ko sa Batangas, yung pitong anak nya- dito na nag-asawa, Muslim din. Dun pinanganak, dito lumaki. Nag-high school na yung panganay. Karamihan ng mga Muslim, dito lumaki, dito nag-asawa. Dito kinasal, at dito rin lumaki ang mga anak. Isa ring problema dito, yung anak ko, dito na pinanganak sa compoiund na ‘to. So problema nga lang dito, pag nage-enroll yung mga bata – dun sa New Era. They totally discriminate yung mga Muslim dyan. Ito ay public school – eh ang public school ay kahit sino diba? May private, may public. Pag dun sa public ng New Era, kapag mag-reenroll ay taga-rito, sasabihin nila na nandyan ang Culiati Elementary School, dyan kayo mag-enroll. Pati na sa New Era private school din, ganun din pero most probably lahat ng religion, kailangang may guarantor ka na Iglesia ni Cristo. Kukuha ka ng sponsor na from Iglesia ni Cristo.

Siguro maliban doon sa mga sinasabi ny kanina, baka meron pa ho ba tayong mga pangunahing problema dito? Siguro sa loob mismo ng compound. Napag-uspaan na natin yung problema halimbawa ng traders sa labas. Pero dito naman ho mismo sa loob ng Salam Compound?

Anong ibig mong sabihin? Peace and order ba? Economic?

Siguro kung kaya natin maisa-isa- kung ano talaga yung mga pinakamabigat na problema. Issues ba.

Eto sa akin no. Unang-una, walang sovereignty dito ang Muslim sa Barangay. Di tulad sa Quiapo, ay talagang sovereignty doon. Dito wala eh. Kung tutuusin ay mas marami ang Muslim dito kesa dun. We have reached the required population to create a new barangay. Actually, two years ago, meron na silang position paper na ginawa sa panunguna ni Attorney Omar – yung sa Tausug. Tapos yun nga, gumawa sila ng position papers na yung baka sakali itong compound na to ay macreate na newly barangay. So hindi nagmaterialize yun kasi yung iba di yata nagsuporta. Sa political yun.

Eh yung mas maselan ho siguro – yung economic problems ho siguro.

Meron din siguro dapat na public school dito. Halimbawa sa New Era. Pati clinic wala dito – walang health center dito. Yun ang pangunahin talaga – yang mga health center na yan. Maraming Muslim dito – yung sa Islamic Center wala din. Yung ambulance wala yun. Pero ngayon may proposal na ibibigay si GMA na – proposal pa lang ito. Puro proposal lang. Drawing pa lang. Baka siguro sa tulong nyo, ng mga survey at recommendations ninyo – baka sakaling mabigyan ng pansin. So dun naman sa peace and order – ako naman ay alagad ng batas. Dapa ito malagyan ng isang police force. Dapat visible na police team. Dapat meron yan pero dito wala. Yung visible ba na nagpapatrolya. Dapat ay yung kinatatakutan. Yung tinatawag na public servant.

Ano pa ho ba kaya yung iba pang problema dito sa Salam? Sa Maranao ho?

Isa pang problema – siguro nakita nyo yung kalsada namin. Yun! Yung mga kalye! Kung maganda ang kalsada namin, siguro dito sa loob mo na ipapark ang kotse mo. Kapag nagtaxi ka, sinabi mo Culiat compound, di ka pasasakayin. Ibig sabihin, masikap ang daan. General na yan hindi Maranao lang. Ang sinasabi ni...

Isa pa – diba naikwento ko na sa inyo. Kapag sumakay kami ng taxi, ayaw na kaming pasakayin. Tama, yung mga taxi. Ako kapag gabi ako nagtataxi, di ako nagsusuot ng veil. Kasi once na nagwewear kami ng veil, kahit siguro magdamag ka doon. Pag sasabihin mo na Tandang Sora ka.

May isang pinagalitan ako eh – dun sa Crame. Nung ayaw. Sinabi ko na “Sige, sa Crame tayo dun tayo. Anong gusto mo?” Nagsosori sya sa akin.

At kapag nakita na Muslim, ipapasakay ka lang kapag ikokontrata ka. Kasi meron ding ibang mga tribo na hindi Muslim na nagpapanggap na Muslim. Like example yung mga drug addict na pag walang pambayad sa taxi, bababa dyan sa may gate namin – kunwari tagarito, papasok sya para di sya hahabulin ng taxi driver. Ang ano lang doon – ang common sense doon – walang Muslim na naka-sleevelss at naka short pants. Kaso para hindi sya mahabol ng taxi, dito sya papasok sa amin. Ngayon ang taxi driver naman, sasabihin nya, “Yang mga Muslim na yan, masasama ang ugali dahil sasakay sa taxi, hindi magbabayad.” Pero not a muslim – kasi Muslim, maraming bawal yan. Lahat ng kasalanan, hindi nila ginagawa. Kaming mga babae,

wala kang makikita na naka-wear ng short pants. Ang talagang required sa amin ay nakatakip ang buhok.

Pero ang tanong ho – ano kaya ang particular sa Maranao na problema o issue? Kasi yung mga nasabi ho nating problema ay dito ho sa Salam – pangkalahatn, oo. Meron ho ba tayong sa Maranao lang ang problema? Hindi naman problema ng Tausug o Yakan?

Wala.

Pero kung makikita mo yung tribo ng Maranao, maniniwala kayo siguro na ang Maranao ang very, best tribe ng Muslim. Kasi, we are very close. Parang isang katawan yan. Ang sakit ng isa, lahat makakaramdam. Parang ang sakit ng kalingkingan, buong katawan ang makakaramdam. Ganyan ang mga Maranao. Kung ano ang problema ng isa, problema ng lahat – tulong tulong kami.

Tama ang sabi nya dahil napatunayan ito ni - sa libro ni Peter Groeing , isang Amerikano, sa kanyang libro na “Muslim Filipinos”. Itong si Peter Groeing ay matagal na siguro to kasi he is very fluent to speak in our dialect. Sabi nya na sa lahat ng tribo sa buong Pilipinas, ang Maranao ay natatangi talagang pinaka-ano. Mula doon sa mga carvings, sa mga crops, hanggang dun sa pinakamalaki – number one ang Maranao. Pero itong mga kapatid natin na ibang tribo, talagang saludo sila sa Maranao. Umamin sila. Hindi naman ibig sabihihn na ‘blowing our horn’ pero based on our experience, yung mga nagsabi naman ay di Maranaos. Yung libro na yun ay nasa National Bookstore. Kung gusto nyong magsaliksik, yun na talaga yun. Matagal na yan – 1994 pa yata o 1995. Yun lahat yun nandun – lahat. Yung mga customs, tradition. Nilagay nya doon lahat, pati music – lahat ng mga tribo.

When it comes to religion naman, lahat yan. Ayan si Ustad, kumbaga sa tinatanong nyo sa akin-Edhil-Addha, hinid ko inexplain sa inyo kasi sabi ko na sya ang pakinggan ninyo.

Kasi yung Edil-Addha, parang festival yan e. Pagtitipon ng mga Muslims – ang pinaka-ano dun ay yung pagsakripisyo nung panahon ni Abraham. Prophet Abraham. Sinacrifice nya yung panganay na anak niya. Nasa bible din yan no? Pati sa Qu’ran. Yan ay cinecelebrate ng buong Muslim – yung pagsakripisyo ni Abraham. Yun ang pinapunto noon, at nakikita nyo na nagHajj, yung nagpilgrimage no sa Makkah. Di lang sa Pilipinas, pati buong community ng Muslims sa buong mundo nagtipon-tipon sa isang lugar dun sa Saudi Arabia na tinatawag ay Mina. Dun sila nagkita-kita. Nandoon ang iba’t ibang klase ng tribo sa buong mundo. Buong mundo yan ha, di lang sa Pilipinas. Aywan kung ilan ba ang nakapag-perform na Filipino Muslims. Marami ata eh. Mga 4,000 plus, composed of Maguindanao, Maranao, Iranon. Baka meron pang Bisaya of Huluano, o kaya ay Ilocano. Yun ang pinapakay dun – in commemoration of the sacrifice of Prophet Abraham. Every year ito. Yun ang pinakapunto doon.

Yung pilgrims na sinasabi na alam natin ay it is one of the five pillars of Islam. Yun ang pinakahuli. Mga tao na ibig sabihin na meron syang kakayahan financially, physically. Yun nga ang commemoration dun sa sacrifice ni, kaya nagkaroon ng Eid-il Addha.

So ibang topic naman ho siguro tayo. Kasi nung Sabado nakausap namin si Miss Saira at si Major. Akala ho namin nung umpisa, naclassify namin itong compound dito sa Salam na urban poor. Ang dating ho sa labas, urban poor ho itong Salam compound. Sabi naman ni Saira, hindi naman daw talaga urban poor ito. Meron ho kayang mga Maranaos dito sa community na naghihirap sa buhay?

Ay precisely meron! Meron yan, meron. Presently meron yan.

Ang sinabi ko naman sa inyo, wala kayong makikita na Maranao na beggar. May mga naghihirap pero hindi mga beggar. Wala kang makikita na Maranao Muslim na naghihingi dyan sa daan daanan. Wala. Kasi kahit nga – yung sinasabi namin na nahihirapan nga, pero yung makikita mo ...

Tinutulungan namin, tinutulungan namin.

Kaya sinasabi ko sa inyo nun na mali naman yung urban poor naman kami. Kasi kahit na yung mahirap na mahirap sa amin, naghahanapbuhay – yung mga sidewalk vendors, yung mga naglalako. Yun. Wala kang makikitang Maranao na umaasa sa iba. Basta kahit na gaano kahirap, marunong makibaka ang mga Maranao sa kahirapan ng sariling paa, sariling pawis. Hindi sila umaasa sa tulong ng tao. Halimbawa, wala kang makikitang Maranao na nakaupo dyan sa kalsada na nanghihingi. Mas mabuti sa Maranao na yung isang bilao dyan sa sidewalk na may dalang pagkain. Yun ang mga Maranao.

Meron akong tanong sa inyo.

Ay, ano po yun?

Meron bang criteria to be considered, na sasabihin natin na urban poor. Ano ba ang sinasabi na urban poor? Ano ba yung mga yan?

Siguro po dalawa. Pag sinabi pong 'poor', dalawa hong aspeto yan. Pwede hong dalawa po yung indicators – bale income at saka non-income. So kunwari pag medyo kapos ka sa pera, automatic sinasabi natin na naghihirap ako. Pero meron din na kahit okey naman yung kinikita mong pera, pero nagkukulang ka naman kunwari sa edukasyon – di ka nabibigyan ng tamang edukasyon, di ka nabibigyan ng tamang health services, di ka nakatira sa medyo hindi maunlad masyado na bahay o kaya, community, pwede rin natin i-classify as poor. Ang poor kasi ho, hindi lang ho income, pati ibang material na bagay.

Yung hand-to-mouth existence?

Yun po yung extreme. Extreme poverty. Pero pagsinabi nating poor, medyo malawak po siya. Pag nadeprive ka ng isang pangangailangan na dapat meron ka, kunwari meron ka dapat edukasyon, meron ka dapat pera pang-kain, meron kang health services. Pag na-deprive ka sa kahit isa doon, maituturing ka na rin na urban poor.

Ayun, so ibig sabihin itong mga tao dito maaring maclassify din.

Like pag sinabi nyo rin po na hindi kayo nabibigyan ng boses sa gobyerno. Malawak ho, malawak ho ang definition ng urban poor. Kadalasan ho natin ituring na poor pag wala kang pera. Pero maliban po sa pera, may iba pa hong indicators.

Sa discrimination, malaki. Marami kaming na-encounter dito sa Maynila. Pero pagkahalimbawa, in every group, pagka Muslim, iba ang tingin. Pero bigyan mo lang kahit isang oras no, nag-iiba ang tingin nila kasi naiintindihan nila. Tulad ninyo – nung una, iba ang tingin nyo sa amin. Pero ngayon siguro, naintindihan nyo na. Kasi usually kami dito, si Alim (?) from Saudi embassy, si Ustad meron siyang agency – recruitment agency, papuntang Saudi. Si Major, taga Camp Crame. Ito ang mga businessman sa amin. Si Jeril (?) , Jamil (?), si Romy (?). Ako alam nyo na kung saan. Fifty percent of Maranao here, na nakitira ay government employee and the fifty percent is businessman.

Eh yung mga nag-oOCW, kinaclassify nyo as? Saan ho?

Yes marami.

So masasabi naman ho natin na yung mga professionals, maganda naman ho ang kita, maganda naman ho ang hanapbuhay. Pero pagdating ho siguro sa traders, kasi medyo hindi ho steady yung income, meron ho bang naghihirap in terms of pera ho – pera, income?

Itong sa akin no. Yung ating level of income, nasa lower class. Sa tingin ko ha. Kahit kami ay nasa gobyerno, ay di ka naman nakakaano. Di mo naano yung social obligation mo. Kasi kung tutuusin, yung education ha, mga anak natin. Yung maintenance sa bahay. Yung medical – medicine. Yung social obligation – tabang, pagbibigay ng support, tulong. Hindi pa kasya. Ako, more than 28,000 yung sahod ko, pero di pa umabot ng kwan yun. Baka yung sahod ko ng two months, nawala na. Kung tutuusin ha. Maliban lamang kung ikaw ay nasa masamang iscalawag. Yun ang tingin ko ha. So, sa akin ay...

General yan – di lang tayong mga Muslim ang nakakadanas nyan. Buong Pilipinas siguro. Ang nakakaangat lang na government employee, is yung meron syang sidekick. Yung meron syang mga monkey business sa office.

Ilan ba ang ratio ng below poverty line?

Ano po ngayon – sa buong Pilipinas, 33.7 percent ng mga pamilya. Pamilya po, pamilya. Pagdating po sa mga tao, mas malaki – nakalaimutan ko na – close to 40 pag tao po yung bilang. Pero pagpamilya, 33.7 %. Households. Income po ha – income poverty.

Ang susunod naman ho naming tanong. Kung pwede ho isa-isa ho kayong sumagot. Kasi plano ho naming itanong, ano sa tingin nyo yung kahirapan? Personal ano ho. Ano ho yon para sa inyo?

Yung nahihirapan sa buhay?

Pagsinabing poverty, ano ho sa tingin nyo ang ibig sabiin?

Not only personal opinion, but in Islam, yung sinasabi na ...

-----END OF SIDE B-----

***At this point, batteries went dead and the rest of the transcript is constructed from written notes.**

In Islam, there are general definitions of poverty, *riskah* (?) and *pokarah* (?). The first refers to a situation of poverty wherein income is not adequate or sufficient. The latter refers to a situation of poverty wherein the person is classified as “most needy” already. Obviously, the worst form between the two is *pokarah*. In Islam, there is the duty of each Muslim to contribute, or to give to their fellow poor – a certain percentage of your income will be given and that is referred to as the poor tax. For example, for every 40 pesos, one peso is the poor tax.

In the Maranao culture, there is pride. No one will be that poor since they will borrow or ask assistance from fellow Maranaos to get a livelihood. That is for the poor’s side – but for the ‘provider’, there is support coming from instructions in the Qu’ran, which is translated into faith.

Isa pang halimbawa ay yung importansya ng family ties. Hindi hinahayaan lalo na ang kapamilya. Halimbawa, kapag may patay, tulong (saddakah) agad yan.

Kumusta naman ang pakikitungo ninyo sa ibang tribo ng Muslim?

Tungkol naman dun sa common knowledge daw na Tausug and Maranao conflict (away), it is a misconception. May mga posibilidad nga ng conflict pero kapag ang parehong miyembro ng magkabilang panig o tribo ay true Muslim, walang mangyayaring ganyan.

Dito sa Maranao, ‘close’ ang mga tao. Halimbawa sa business, we share secrets. Hindi ganyan sa iba – sa iba, tago lang, kanya-kanya. Ang Muslim din ay sinasabi na ‘single brotherhood’. Halimbawa nung isang gathering of all Muslims na kasama si Sec. Reyes (DND). Napamangha si Reyes ng nakita nya na peaceful yung gathering na yun – gathering ng napakaraming Muslims at iba-iba pang tribo yan.

Ito nga palang damit namin na nakikita nyo (‘uniform’), ang pagkakapareho nito sa amin ay sign yan ng pagkakapare-pareho namin – walang nakakakaangat. Pantay-pantay at magkaisa.

Ang Qu’ran nga pala ay original di tulad ng Bibliya na ‘edited’.

Sa Islam din, walang separation ng State and “Church” – may tinatawag nga na Shariyah court.

Sa Maranao naman, isang tradition (they emphasized that this is tradition and not due to faith), women are not allowed to be married to males from other tribes. Sa amin, ang masusunod ay lalaki. Tapos pati yung talukbong ay required – ang obligation naman ng males ay ipagtanggol ang mga babae. Ang pagsisinungaling naman ay isang major sin sa Islam.

Sa tingin ba ninyo ay nakakasali kayo sa decision-making na proseso ng pamahalaan? May boses po ba kayo?

Hindi kami marinig. Humihiling nga ng Mosque eh halimbawa – di man lang mabigyan. Sa legislative naman, hinaharang eh. Wala pang top-level na Muslim sa AFP. Nagiging general lang pag retired na – anong saysay nun? Sa Cabinet naman, 1 lang. Sa Senate, wala. Dati pa yan sa Commonwealth. Ang Muslim tinitignan na rebelde. Never talaga na-satisfy. Pati autonomy initiatives, “paper autonomy” lang – pati ang Shariyah courts kulang din. Yung Eidl-Addha, bakit hindi din national holiday. Tuwa naman sila nung dineklara ni GMA na holiday yung Eidl-Fitr.

Bakit nag-aalsa ang Muslim? Sa judiciary, wala. Dati, ang OMA ay Cabinet level, ngayon ay Executive Director na lang ang head. Palala ng palala na ang sitwasyon ng Muslim dito. May pangako nga si GMA na monthly, magkakaroon ng medical team, at magkakaroon na ng ambulance, mula sa PCSO (eto nung pumunta sya dito nung January 17) – di pa rin natututupad! Pangako din ay mga 1 million para sa renovation nitong mosque namin.

May tumutulong ba sa inyong NGO/POs? Paano sila nakakatulong sa inyo.

Wala naman. INC kung tinuturing na NGO ito. Yung INC nga ay sa tingin namin, ‘lollipop approach’. Skeptics kami.

Meron pala – yung CLF: Christian Life Program, nung 1994 ay nagtayo ng day-care center. Nung una, tinuturuan yung mga kids (pre-school) tapos may feeding program – mga P125 a month lang ang binabayad namin. Kumpleto na yan.

May naitatag na ba kayo na mga asosasyon?

May existing for the whole compound – Muslim Madraza Advisory Council. Ito ay registered na sa SEC. May gusto ngang itayo yung mga Maranao – yung Rahkma Qu’ranic Learning Center Foundation, Inc. – ito ay mag-aaral to recognize the Qu’ran.

Recommendations/ Solutions to government and others

1. Correct discriminations. Do this through an info campaign (TV, radio, seminars, etc.)
2. Integrate “Islam education” to DepEd.
3. Correct perception – don’t ‘generalize’ in mass media. Just say the name – don’t mention tribe or religion anymore.
4. Politics. Equal representation in all levels to ensure voice – AFP/PNP, executive, judiciary, legislative.
5. Socio-cultural. Recognize struggle of Muslim Filipinos like Rajah Soliman. There are only a few distinguished Muslim heroes.
6. Economic. Equal treatment in jobs. Everything is in the bill of rights (i.e. equal protection of law) – just implement it! Have prayer rooms (minimum) or even mosque at institutions (i.e. Crame, hospitals)

-----END OF FGD-----